

Ano ang isang Newcomer Reception Centre (Sentro ng Pagtanggap para sa Bagong Dating)?

- Ang mga Sentro ng Pagtanggap para sa Bagong Dating (Newcomer Reception Centre) ay nagbibigay ng pangunang pagtanggap at pagtatasa ng mga kakayahan sa wikang Ingles at matematika para sa mga bagong dating na estudyanteng nasa paaralang sekundaryong gulang. Ang mga pagtatasang ito ay makakatulong sa lokal na paaralang sekundaryo na mailagay ang bagong estudyante sa naaangkop na pangkreditong programa sa mataas na paaralan.
- Bawat Sentro ng Pagtanggap (Reception Centre) ay may mga kawaning nagsasalita ng iba't-ibang mga wika na makakatulong sa mga bagong dating na mga estudyante at sa kanilang mga pamilya upang malaman ang tungkol sa sistema ng paaralan sa Ontario.
- Ang mga bagong dating na pamilya ay may pagkakataon din na makipagkita sa isang paninirahang manggagawa na maaring makapagbigay ng impormasyon tungkol sa mga paksang tulad ng paghahanap ng pabahay, paghahanap ng trabaho, paglapit sa pangangalaga ng kalusugan sa Ontario at pag-uugnay sa iba't-ibang makakatulong na mga ahensya.


Sino ang kailangang tasahan?

Lahat ng mga bagong dating na mag-aaral na nasa sekundaryong paaralan na edad ay dapat na magkaroon ng pagtatasa ng kanilang mga kakayahan sa wikang Ingles at matematika sa isa sa dalawang mga Newcomer Reception Centre (Sentro ng Resepsyon para sa Bagong Dating) ng TDSB bago magparehistro sa kanilang lokal na sekundaryong paaralan.



Anong mangyayari habang ikaw ay nasa Sentro?

- Ang mga estudyante ay mag-uukol ng isang buong araw sa Sentro na gumagawa ng iba't-ibang mga aktibidad ng pagtatasang kasama ng mga guro sa Sentro ng Pagtanggap para sa Bagong Dating (Newcomer Reception Centre). Ang mga Magulang/mga Tagapag-alaga ay hinihikayat na sumama sa mga estudyante sa tipanan at bumalik sa katapusan ng araw upang makipagtalakayan sa mga guro tungkol sa pagtatasa ng estudyante. May isang pagtigil para sa tanghalian at mahigpit na ipinapayo na ang estudyante ay magdala ng baon para sa tanghalian.



Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa suporta sa ESL/ELD mangyaring bisitahin ang Website ng TDSB:

www.tdsb.on.ca

Tagalog

Mga ng Sentro ng Pagtanggap para sa Bagong Dating ng TDSB



Malugod na Tinatanggap ang mga Bagong Dating na Estudyante at ang Kanilang mga Pamilya sa mga Paaralang Sekundaryo ng TDSB



www.tdsb.on.ca/newcomers

Paano ka magtakdan g isang tipanan?

- Kailangan magtakda ng tipanan ang mga estudyante at ang kanilang mga pamilya sa pamamagitan ng telepono sa alinman sa mga lokasyon ng mga Sentro sa Pagtanggap sa mga Bagong Dating (Newcomer Reception Centre). Dahil sa napakakaraming mga bagong dating na estudyante na nangangailangan ng mga pagtatasa, hindi posibleng maibigay ang mga hiling mula sa walk-in para sa madaliang pagtatasa.
- Ang pinakaabalang panahon ng taon ay Agosto, Setyembre at Enero. Sa mga taluktok na panahong ito maaring magkaroon ng maraming mga araw ng paghihintay para makakuha ng isang appointment.

Ano ang iyong dapat dalhin?

- Angkop na legal na dokumentasyon
- Dalawang piraso ng katibayan ng kasalukuyang tirahan sa Toronto (kasunduan sa pangungupahan, bill ng telepono, statement ng bangko, lisensya sa pagmamaneho, o dokumento ng pamahalaan na may kasalukuyang tirahan mo sa Toronto)
- Mga dokumento ng paaralan mula sa dating paaralan ng estudyante, kung mayroon
- Katibayan ng pagbabakuna, kung mayroon
- Pananghalian




Saan naroon ang mga Sentro ng Pagtanggap ng Bagong Dating ng TDSB



Georges Vanier Reception Centre (Sentro ng Pagtanggap ng Georges Vanier)

Telepono: 416-395-9440
3000 Don Mills Road East, M2J 3B6
(Silid 20 sa Paaralang Sekundaryo ng Georges Vanier [Georges Vanier Secondary School])
Dalawang ilaw ng trapiko sa timog ng Finch o 3 mga bus stop pahilaga mula sa istasyon ng subway ng Don Mills. Ang lugar na ito ay nagsisilbi sa mga estudyanteng pumapasok sa mga paaralang sekundaryo sa hilagang-silangang pook ng Toronto.



West End Reception Centre (Sentro ng Pagtanggap ng Kanlurang Bahagi)

Telepono: 416-393-0542
777 Bloor Street West, M6G 1L6
(Ika-4 na palapag ng gusali ng Bickford Centre)
Timog na bahagi ng Bloor malapit sa istasyon ng subway ng Christie.
Ang lugar na ito ay nagsisilbi sa mga paaralan sa timog-kanluran ng Toronto.

